- Mga pasta
- Mga crown na pinroseso sa laboratoryo
- Mga root canal na paggamot
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga prefabricated crown
- Mga buo at di-buong pustiso (sa ilalim ng mga partikular na pangyayari)
- Ibang medikal na kinakailangang serbisyo sa ngipin

Para sa buong listahan ng mga serbisyo sa ngipin para sa bata at nasa hustong gulang, basahin ang Kabanata Apat (4) sa Handbook na ito.

Agarang pangangalaga sa ngipin

Nasasaklaw ng Health Net ang agarang pangangalaga sa ngipin. Kung kailangan mo kaagad ng dentista pero hindi ito isang emergency, available ang mga appointment para sa agarang pangangalaga sa loob ng pitumpu't-dalawang (72) oras.

Sa mga pangkaraniwang oras ng tanggapan, maaari kang tumawag sa iyong dentista para sa tulong. Kung lampas na ang mga oras ng tanggapan, subukang tawagan muna ang iyong dentista. Kung hindi mo makausap ang iyong dentista, tumawag sa Health Net sa anumang oras sa 1-800-977-7307 (TTY 711) para sa tulong.

Pang-emergency na pangangalaga sa ngipin

Nasasaklaw ng Health Net ang pang-emergency na pangangalaga sa ngipin. Ang emergency sa ngipin ay maaaring isang pananakit, pagdurugo, o pamamaga na maaaring magdulot ng pinsala sa iyo o sa iyong mga ngipin kung hindi agad na malalapatan ng lunas. Makukuha ang pang-emergency na pangangalaga sa ngipin nang dalawampu't apat (24) na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Hindi mo kailangan ng pag-apruba mula sa Health Net para makatanggap ng pang-emergency na pangangalaga.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Sa mga pangkaraniwang oras ng tanggapan, maaari kang tumawag sa iyong dentista para sa tulong. Kung lampas na ang mga oras ng tanggapan, subukang tawagan muna ang iyong dentista. Kung hindi mo makausap ang iyong dentista, tumawag sa Health Net sa anumang oras sa 1-800-977-7307 (TTY 711) para sa tulong.

Maaari ka ring tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung wala ka sa bahay, makakahanap ka ng dentistang malapit sa iyo para tumanggap ng pang-emergency na pangangalaga. Maaari kang singilin ng mga dentistang hindi kinontrata ng Health Net para sa pang-emergency na pangangalaga. Kung nagbayad ka para sa pang-emergency na pangangalaga, babayaran ka namin.

Para sa mga medikal na emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Narito kami mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Libre ang pagtawag.

Saan makakatanggap ng pangangalaga sa ngipin

Makukuma mo ang karamihan ng iyong pangangalaga mula sa iyong PCD. Ibibigay sa iyo ng iyong PCD ang karamihan ng iyong regular na pangangalaga sa ngipin. Irerekomenda (ipapadala) ka ng iyong PCD sa mga espesiyalista kung kailangan mo sila.

Direktoryo ng Provider sa Ngipin

Inilista ng Direktoryo ng Provider sa ngipin ng Health Net ang mga provider na nakikilahok sa network ng Health Net. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nagtatrabaho sa Health Net.

Inilista ng Direktoryo ng Provider sa ngipin ng Health Net ang mga dentista, espesiyalistang dentista, mga Federally Qualified Health Center (FQHC, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan) at Rural Health Clinic (RHC, Kanayunang Klinika ng Kalusugan)

Ang Direktoryo ng Provider sa ngipin ay may mga pangalan, address, numero ng telepono, oras ng negosyo at mga wikang ginagamit. Sinasabi nito kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang provider, ang mga pangkultura at pangwikang kakayahan ng provider (hal., mga wikang iniaalok ng provider o may kasanayang medikal na interpreter sa tanggapan ng provider, kasama ang American Sign Language), at kung nakumpleto ng provider ang pagsasanay sa kagalingan sa kultura. Nagbibigay ito ng antas ng pisikal na kadaliang puntahan ang gusali.

Mahamanap mo ang online na Direktoryo ng Provider sa ngipin sa www.hndental.com. Kung kailangan mo ng isang naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Network ng provider sa ngipin

Ang network ng provider sa ngipin ay ang grupo ng mga dentista at mga espesiyalistang dentista na nagtatrabaho sa Health Net. Matatanggap mo ang iyong mga nasasaklaw na serbisyo sa pamamagitan ng aming network.

Sa loob ng network

Gagamitin mo ang mga dentistang nasa network ng Health Net para sa iyong mga pangangailangan ng pangangalaga sa ngipin. Makakatanggap ka ng pang-iwas at regular na pangangalaga mula sa iyong PCD. Gagamit ka rin ng mga espesiyalista at ibang provider na nasa aming network.

Para kumuha ng isang Direktoryo ng Provider sa ngipin ng mga provider na nasa network tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). O mahahanap mo ang aming Direktoryo ng Provider sa ngipin online sa www.hndental.com.

Para sa agaran o pang-emergency na pangangalaga sa ngipin, tumawag sa iyong PCD. Kung gusto mo ng tulong sa pagpapaiskedyul ng appointment, o wala sa iyong lugar ng tahanan, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Para sa pang-emergency na medikal na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Sa labas ng network

Ang mga provider na wala sa network ay ang mga provider na walang kasunduang magtrabaho sa Health Net. Maliban sa agaran o pang-emergency na pangangalaga, maaaring kailangan mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga provider na nasa labas ng network. Kung kailangan mo ng mga nasasaklaw na mga serbisyo sa pangangalaga ng ngipin, maaari mong matanggap ang mga ito sa labas ng network nang wala kang babayaran, hangga't medikal na kinakailangan at hindi available ang mga ito sa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong wala sa network, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Kung nasa labas ka ng aming lugar ng serbisyo at kailangan mo ng pangangalagang **hindi** isang emergency, agad na tumawag sa iyong PCD. O tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Kung may mga tanong ka tungkol sa wala-sa-network o labas-ng-lugar na pangangalaga, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Mga dentista

Pipili ka ng isang primary care dentist (PCD, dentista sa pangunahing pangangalaga) mula sa Direktoryo ng Provider sa ngipin ng Health Net. Dapat ay isang kalahok na dentista ang iyong PCD. Ito ay nangangahulugang nasa aming network ang dentista. Para kumuha ng kopya ng aming Direktoryo ng Provider sa ngipin, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Dapat ka ring tumawag kung gusto mong matiyak na tumatanggap ng mga bagong pasyente ang gusto mong PCD. Kung nagpapatingin ka sa isang dentista para sa mga



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

partikular na kondisyon bago ka naging miyembro ng Health Net, maaari kang patuloy na magpatingin sa dentistang iyon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang magbasa pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa kabanata 2 ng handbook na ito. Para matuto pa, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD)

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng isang PCD sa loob ng tatlung (30) araw ng pagpapatala sa Health Net. Maaari kang pumili ng isang pangkalahatang dentista bilang iyong PCD.

Maaari mong piliin ang isang Federally Qualified Health Center (FQHC, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan), klinika ng komunidad, Klinikang Pangkalusugan ng Katutubong Amerikano o ibang pasilidad ng pangunahing pangangalaga na may mga serbisyo sa ngipin bilang iyong PCD kung nasa network ng Health Net ang mga ito at kung kwalipikado ka para sa kanilang mga serbisyo. Matatagpuan ang mga sentrong sa mga lugar na wala gaanong serbisyo sa pangangalaga ng ngipin.

Maaari kang pumili ng kapareho o ibang PCD para sa lahat sa iyong pamilya na miyembro ng Health Net.

Kung hindi ka pumili ng isang PCD sa loob ng tatlung (30) araw, ang isang dentistang nagtatrabaho sa Health Net ay pipili ng isang PCD para sa iyo.

Ang gagawin ng iyong PCD ay:

- Alamin ang iyong mga pangangailangan sa ngipin
- Itabi ang iyong mga rekord sa ngipin
- Magbigay sa iyo ng pang-iwas at regular na pangangalaga sa ngipin na kailangan mo
- Irerekomenda (ipapadala) ka sa isang espesiyalista kung kailangan mo nito

Maaari mong tingnan ang Direktoryo ng Provider sa ngipin para makahanap ng isang PCD na nasa network ng Health Net. Mayroong listahan ang Direktoryo ng Provider sa ngipin ng mga FQHC na nagtatrabaho sa Health Net.

Makikita mo ang aming Direktoryo ng Provider sa ngipin online sa www.hndental.com. O tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Maaari ka ring tumawag para malaman kung tumatanggap ang gusto mong PCD ng mga bagong pasyente.

Pagpili ng mga Dentista

Ikaw ang pinakamahasag nanakakaalam sa iyong mga pangangailangan ng pangangalaga sa ngipin, kaya pinakamabuti kung ikaw ang pipili ng iyong PCD. Pinakamabuting manatili sa isang PCD para malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa ngipin. Gayunman, kung gusto mong palitan ang iyong PCD, maaari kang magpalit nang isang beses sa bawat buwan. Dapat kang pumili ng isang PCD na nasa network ng provider sa ngipin ng Health Net at tumatanggap ng mga bagong pasyente.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Ang bagong pinili mo ay ang magiging PCD mo sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong gawin ang pagpapalit. Para baguhin ang iyong PCD, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Maaaring hilingin naming palitan mo ang iyong PCD kung ang PCD ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis na sa aming network, o hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kasaing edad mo. Maaari ding hilingin sa iyo ng Health Net o ng iyong PCD na palitan ang isang PCD kung hindi mo nakakasundo o hindi ka sumasang-ayon sa iyong PCD, o kung hindi ka nakakarating o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangan naming palitan ang iyong PCD, sasabihin namin sa iyo nang pasulat.

Kung magpapalit ka ng PCD, makakatanggap ka sa mail ng isang bagong ID card ng miyembro sa plan sa ngipin. Magtataglay ito ng pangalan ng iyong bagong PCD. Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng isang bagong ID card.

Mga appointment at pagbisita

Kapag kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin:

- Tumawag sa iyong PCD
- Ihanda ang iyong numero ng ID sa Health Net sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensahe na kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin sa iyong appointment ang iyong card ng BIC at ID sa plan sa ngipin
- Magdala ng card ng pagkakakilanlan o lisensiya sa pagmamaneho
- Dumating sa oras ng iyong appointment
- Tumawag agad kung hindi ka aabot o mahuhuli ka sa iyong appointment
- Ihanda ang iyong mga tanong kung sakaling kailanganin mo ang mga ito

Pagbabayad

Hindi mo kailangang magbayad ng anumang deductible o co-pay para sa mga nasasaklaw na serbisyo. Hindi ka dapat tumanggap ng pagsingil mula sa isang dentista. Maaari kang makatanggap ng isang Explanation of Benefits (EOB, Paliwanag ng mga Benepisyo) o isang pahayag mula sa isang dentista. Hindi mga pagsingil ang mga EOB at pahayag.

Kung nakatanggap ka nga ng pagsingil, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Sabihin sa amin ang halagang siningil, ang petsa ng serbisyo at dahilan para sa pagsingil. Kung nakatanggap ka ng pagsingil o pinagbabayad ka ng isang co-pay, maaari ka ring maghain ng isang form sa claim. Kakailanganin mong pasulat na sabihin sa amin kung bakit kinailangan mong magbayad para sa aytem o serbisyo. Babasahin namin ang iyong claim at pagpapasiyahan kung mababawi mo ang pera.

Para sa mga tanong o para humiling ng isang form para sa claim, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Mga Pagrekomenda

Bibigyan ka ng iyong PCD ng pagrekomenda para maipadala ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito. Ang isang espesyalista ay isang dentistang may karagdagang edukasyon sa isang bahagi ng dentistriya. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCD sa pagpili ng isang espesyalista. Matutulungan ka ng tanggapan ng iyong PCD na magtakda ng panahon para magpatingin sa isang espesyalista.

Maaari kang bigyan ng iyong PCD ng isang form na dadalhin sa espesyalistang dentista. Kukumpletuhin ng espesyalista sa ngipin ang form at ipadadala ito pabalik sa iyong PCD. Kung gusto mo ng isang kopya ng aming patakaran sa pagrekomenda, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Hindi mo kailangan ng pagrekomenda para sa:

- Mga pagbisita ng PCD
- Agaran o pang-emergency na pangangalaga

Paunang pag-apruba

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCD o dentistang espesyalista na magtanong sa amin bago mo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paunang awtorisasyon o paunang pag-apruba. Nangangahulugan itong sumasang-ayon ang Health Net na medikal na kinakailangan ang pangangalaga.

Medikal na kinakailangan ang pangangalaga kung ito ay para maiwasan at matanggal ang orofacial na sakit, impeksyon, at pananakit, para maipanumbalik ang anyo at paggana ng dentition, at para itama ang pagkasira ng pigura o maling paggana ng mukha. Dapat makatugon ang mga serbisyo sa ngipin sa mga tuntunin ng programang Medi-Cal para sa medikal na pangangailangan.

Nangangailangan ang mga serbisyo sa ngiping ito ng paunang pag-apruba, kahit na natatanggap mo ang mga ito mula sa isang provider na nasa network ng Health Net:

- Mga root canal
- Mga crown
- Mga buo/di-buong pustiso
- Mga masidhing paglilinis (scaling at root planing)
- Pangkalahatang Pampamanhid at sedasyong IV

Maaaring mangailangan din ang ibang mga serbisyo sa ngipin na inirekomenda ng iyong dentista ng paunang pag-apruba. Para sa ilang serbisyo, tulad ng pangangalaga mula sa isang dentistang espesyalista, kailangan mo ng paunang pag-apruba kung tinatanggap mo ang pangangalaga mula sa labas ng network. Magpapasiya kami sa loob ng 5 araw ng negosyo, para sa regular na serbisyo, o 72 oras para sa agarang pangangalaga.

Sinusuri namin ang kahilingan para mapagpasiyahan kung medikal na kinakailangan at nasasaklaw ang pangangalaga. **Hindi** namin binabayaran ang aming mga tagasuri para itanggi ang coverage o mga serbisyo sa ngipin. Kung hindi namin aaprubahan ang pangangalaga, sasabihin namin sa iyo kung bakit. Makikipag-ugnayan sa iyo ang Health Net kung kailangan namin ng higit pang impormasyon o karagdagang panahon para suriin ang iyong kahilingan.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Mga ikalawang opinyon

Maaaring gustuhin mo ng ikalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sinasabi ng iyong PCD na kailangan mo, o tungkol sa pagsusuri sa iyo o ang plano sa iyong paggamot. Halimbawa, maaaring gustuhin mo ng ikalawang opinyon kung hindi ka sigurado kung kailangan mo ng isang iniresetang paggamot o pag-opera. Para humiling ng ikalawang opinyon, tumawag sa amin sa 1-800-977-7307 (TTY 711) at mairerekomenda ka namin sa isang provider na nasa network para sa ikalawang opinyon.

Magbabayad kami para sa isang ikalawang opinyon kung ito ay hihilingin mo o ng iyong dentistang nasa network at kukunin mo ang ikalawang opinyon mula sa isang dentistang nasa network. Kung mayroon kang agarang kahilingan, pagpapasiyahan namin ito sa loob ng pitumpu't-dalawang (72) oras. Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Kung tinanggihan namin ang iyong kahilingan para sa isang ikalawang opinyon, maaari kang umapela. Para matuto pa tungkol sa mga apela, pumunta sa kabanata 7 ng handbook na ito.

Napapanahong Access sa Pangangalaga

Dapat na magbigay ang mga dentista ng Health Net ng mga appointment sa loob ng mga sumusunod na takdang panahon:

- Mga regular na appointment (kabilang ang pang-iwas na pangangalaga) – apat (4) na linggo
- Mga appointment sa espesyalista – tatlumpung (30) araw ng negosyo (21 taon pataas); 30 araw sa kalendaryo (wala pang 21 taon)
- Mga appointment sa agarang pangangalaga – pitumpu't dalawang (72) oras
- Pang-emergency na pangangalaga – Dapat makuha nang dalawampu't-apat (24) na oras, 7 araw kada linggo
- Oras ng paghihintay sa telepono sa panahon ng mga normal na oras ng negosyo – sampung (10) minuto
- Oras ng paghihintay sa tanggapan para sa mga nakaiskedyul na appointment sa panahon ng mga normal na oras ng negosyo – tatlumpung (30) minuto

Mga Serbisyo sa Edukasyon sa Kalusugan ng Ngipin

Ang mga serbisyo sa edukasyon sa kalusugan ng ngipin ay bahagi ng mga pang-iwas na serbisyo at pangunahing pagbisita para sa pangangalagang pangkalusugan ng ngipin. Maaaring i-access ng mga miyembro ang iba't ibang artikulo tungkol sa kalusugan ng ngipin at mga gamot sa ngipin sa www.healthnetdental.com.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Ano ang nasasaklaw ng iyong plan sa ngipin

Sa seksyong ito, ipinapaliwanag namin ang lahat ng iyong nasasaklaw na serbisyo bilang isang miyembro ng Health Net. Libre ang iyong mga nasasaklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito. Medikal na kinakailangan ang pangangalaga kung ito ay para maiwasan at matanggal ang orofacial na sakit, impeksyon, at pananakit, para maipanumbalik ang anyo at paggana ng dentition, at para itama ang pagkasira ng pigura o maling paggana ng mukha.

Nag-aalok kami ng mga ganitong uri ng serbisyo sa ngipin:

Uri ng Serbisyo	Mga halimbawa
☐ Diyagnostiko	Mga pagsusuri, x-ray
☐ Pang-iwas	Mga paglilinis, paggamot gamit ang fluoride, sealant <u>(para sa mga bata)</u>
☐ Pagpapanumbalik	Mga pasta, crown
☐ Endodontic	Mga pulpotomy, root canal
☐ Periodontal	Masidhing paglilinis
☐ Natatanggal na Prosthodontics	Mga kumpleto at di-buong pustiso, mga relin
☐ Pambibig at Maxillofacial na Pag-opera	Mga Pagbunot
☐ Orthodontics	Mga brace <u>(para sa batang may malubhang pagliko ng ngipin)</u>
☐ Mga Adjunctive	Sedasyon, pangkalahatang pampamanhid

Basahin ang buod ng mga benepisyo at ang bawat isa ng mga seksyon sa ibaba para matuto pa tungkol sa mga eksaktong serbisyong maaari mong matanggap.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Buod ng mga benepisyo

Nasa ibaba ang isang buod ng mga benepisyo sa ngipin para sa mga nasa hustong gulang at kabataan:

	✓ Benepisyo	✗ Hindi benepisyo		
Pamamaraan	Buong Saklaw	Limitado ng Saklaw	Nauugnay sa Pagbubuntis	Naninirahan sa isang Pasilidad (SNF/ICF)
Pagsusuri ng Bibig (Sa mga wala pang 3 taon lamang)	✓	✗	✗	✓
Unang Pagsusuri (Edad 3 pataas)	✓	✗	✓	✓
Pana-panahong Pagsusuri (Edad 3 pataas)	✓	✗	✓	✓
Mga Regular na Paglilinis	✓	✗	✓	✓
Fluoride	✓	✗	✓	✓
Mga Nagpapanumbalik na Serbisyo - Mga Pasta/Crown	✓	✗	✓	✓
Mga crown [^]	✓	✗	✓	✓
Scaling at root planing (masidhing paglilinis) ^{**}	✓	✗	✓	✓
Periodontal na Pagpapanatili (mga gilagid)	✓	✗	✓	✓
Mga Root Canal sa mga Pangharap na Ngipin (sa harap)	✓	✗	✓	✓
Mga Panghulihang Root Canal (sa likod) [^]	✓	✗	✓	✓
Mga Di-buong Pustiso [^]	✓	✗	✓	✓
Mga Buong Pustiso	✓	✗	✓	✓
Mga Pagbunot/Pambibig at Maxillofacial na Pag-opera	✓	✓	✓	✓
Mga Pang-emergency na Serbisyo	✓	✓	✓	✓

Mga Eksepsiyon:

*1. Hindi isang benepisyo para sa wala pang 13 taon.

[^]2. Higit sa 21 taong gulang, pinahihintulutan sa ilalim ng mga natatanging kalagayan.

^{**}Hindi isang benepisyo sa wala pa sa edad na 13. Pinahihintulutan sa ilalim ng mga natatanging kalagayan.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Mga serbisyong tele-dentistry (serbisyo sa ngipin sa telepono)

Ang tele-dentistry ay isang paraan ng pagtanggap ng mga serbisyo nang hindi pumupunta sa pisikal na lokasyon kung nasaan ang iyong dentista. Maaaring kasama sa tele-dentistry ang aktuwal na pakikipag-usap sa iyong provider. O maaaring kasama sa tele-dentistry ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong dentista nang walang aktuwal na pakikipag-usap.

Mahalagang sumang-ayon ka at ang iyong dentista na naaangkop para sa iyo ang paggamit ng teledentistry para sa isang partikular na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong dentista para malaman kung aling mga uri ng serbisyo ang available sa pamamagitan ng tele-dentistry.

Dalas ng mga serbisyo

Nasasaklaw ang mga serbisyo sa ngipin kung medikal na kinakailangan ang mga ito. Gayunman, para sa ilang serbisyo, may mga limitasyon sa kung ilang beses ka maaaring tumanggap ng serbisyo sa loob ng isang tinukoy na panahon. Nasa ibaba ang mga karaniwang serbisyo na may mga limitasyon:

- Mga pagsusuri – Bawat anim (6) na buwan (wala pang 21 taon); Bawat labindalawang (12) buwan (21 taon pataas)
- Bite-wing na mga x-ray – Bawat anim (6) na buwan
- Mga x-ray sa buong bibig – Bawat tatlumpu't anim (36) na buwan (11 taon pataas)
- Mga panoramic na x-ray – Bawat tatlumpu't anim (36) na buwan
- Mga pagtasa ng panganib ng caries – Mababang panganib bawat anim (6) na buwan; Katamtamang panganib bawat apat (4) na buwan – Mataas na panganib bawat tatlong (3) buwan; 0-6 na taon para sa lahat ng antas ng panganib
- Paglilinis ng ngipin – Bawat anim (6) na buwan (wala pang 21 taon); Bawat labindalawang (12) buwan (21 taon pataas)
- Topical fluoride – Bawat apat (4) na buwan (0-6 na taon); Bawat anim (6) na buwan (6-21 taon); Bawat labindalawang (12) buwan (21 taon pataas)
- Mga dental sealant – Bawat tatlumpu't-anim (36) na buwan (sa mga wala pang 21 taong gulang lamang)
- Mga pasta – Bawat labindalawang (12) buwan (kada ngipin ng sanggol); Bawat tatlumpu't-anim (36) na buwan (kada permanenteng ngipin)
- Mga crown – Bawat limang (5) taon (edad 13 pataas)
- Masidhing paglilinis (scaling/root planning) – Bawat dalawampu't-apat (24) na buwan kada quadrant (edad 13 pataas)
- Mga buo at di-buong pustiso – Bawat limang (5) taon
- Pag-aayos at mga relin ng pustiso – Dalawang (2) beses kada taon



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Mga karagdagang serbisyo sa pangangalaga sa ngipin sa bata

Mga serbisyo ng Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment Program (EPSDT, Programa sa Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Diyagnostiko at Paggamot)

Nasasaklaw namin ang mga serbisyong EPSDT. Kabilang sa mga serbisyong EPSDT ang lahat ng serbisyong nasasaklaw ng Denti-Cal. Kung wala ka pang 21 taong gulang, maaari kang makatanggap ng mga karagdagang serbisyo na hindi nasasaklaw ng Denti-Cal hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito. Dagdag ang mga serbisyong ito sa mga regular na benepisyo sa Denti-Cal, kahit na lumalampas ang mga serbisyo sa mga pinahihintulatang limitasyon sa dalas. Kung kailangan mo ng isa sa mga karagdagang serbisyong ito, magtatanong sa amin ang iyong dentista. Ipinadadala ang lahat ng kahilingan sa Health Net para sa pag-apruba.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa EPSDT, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Hindi Emergency na Medikal na Transportasyon

May karapatan kang gumamit ng (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT, Hindi Emergency na Medikal na Transportasyon) kapag ikaw ay pisikal o medikal na walang kakayahang makapunta sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng sasakyan, bus, tren, o taxi, at nagbabayad ang plan para sa iyong kondisyon sa ngipin.

Ang NEMT ay isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o transportasyong panghimpapawid. Ang NEMT ay hindi isang sasakyan, bus o taxi. Pinahihintulutan ng Health Net ang NEMT na may pinakamababang halaga para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan patungo sa iyong appointment. Nangangahulugan iyon, halimbawa, na kung ikaw ay pisikal o medikal na may kakayahang ihatid sa pamamagitan ng isang wheelchair van, hindi magbabayad ang Health Net para sa isang ambulansiya. May karapatan ka lamang sa transportasyong panghimpapawid kung ginagawang imposible ng iyong medikal na kondisyon ang anumang anyo ng transportasyon sa lupa.

Dapat gamitin ang NEMT kapag:

- Pisikal o medikal na kinakailangan, gaya ng tinukoy sa isang nakasulat na reseta ng isang doktor; o
- Hindi mo kayang pisikal o medikal na gumamit ng isang bus, taxi, sasakyan o van para makapunta sa iyong appointment;
- Naunang inaprubahan ng Health Net na may nakasulat na tagubilin ng isang doktor.

Para humingi ng NEMT, mangyaring tumawag sa Health Net sa 1-800-977-7307 (TTY 711) nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Mangyaring ihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tatawag ka.

Mga Limitasyon ng NEMT



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Walang limitasyon para sa pagtanggap ng NEMT papunta o pabalik sa mga appointment sa ngipin na nasasaklaw sa ilalim ng Health Net kapag inireseta ito para sa iyo ng isang provider.

Ano ang Hindi Nalalapat?

Kung pinahihintulutan ka ng iyong pisikal at medikal na kondisyon na makapunta sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng sasakyan, bus, taxi, o iba pang madaling ma-access na paraan ng transportasyon. Hindi magbibigay ng transportasyon kung hindi sinasaklaw ng Health Net ang serbisyo. Nasa loob ng handbook ng miyembro na ito at sa Handbook ng Provider sa Ngipin ng Medi-Cal ang isang listahan ng mga nasasaklaw na serbisyo.

Gastos ng Miyembro

Walang gastos kapag ang transportasyon ay inaawtorisahan ng Health Net.

Hindi Medikal na Transportasyon

Magagamit mo ang Non-Medical Transportation (NMT, Hindi Medikal na Transportasyon) kapag ikaw ay:

- Papunta o pabalik mula sa isang appointment para sa nasasaklaw na serbisyo ng Health Net na inireseta ng iyong provider.

Pinahihintulutan ka ng Health Net na gumamit ng sasakyan, taxi, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong appointment sa ngipin sa mga serbisyo sa ngipin na nasasaklaw ng plan, kabilang ang pagsasauli ng gastos batay sa milyahe kapag ang transportasyon ay sa isang pribadong sasakyang inihanda ng benepisyaryo at hindi sa pamamagitan ng isang broker ng transportasyon, mga pass sa bus, voucher ng taxi o tiket sa bus. Pinahihintulutan ng Health Net ang pinakamababang halaga ng uri ng NMT para sa iyong mga medikal na pangangailangan na available sa oras ng iyong appointment.

Para humiling ng mga serbisyo ng NMT, mangyaring tumawag sa Health Net sa 1-800-977-7307 (TTY 711) nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Mangyaring ihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tatawag ka.

Mga Limitasyon ng NMT

Walang limitasyon para sa pagtanggap ng NMT papunta o pabalik sa mga appointment sa ngipin na nasasaklaw sa ilalim ng Health Net kapag inireseta ito para sa iyo ng isang provider.

Ano ang Hindi Nalalapat?

Hindi nalalapat ang NMT kung:

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansiya, litter van, wheelchair van, o ibang form ng NEMT para makatanggap ng nasasaklaw na serbisyo.
- Hindi nasasaklaw ng Health Net ang serbisyo. Ang isang listahan ng mga nasasaklaw na serbisyo ay nasa loob ng handbook ng miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Gastos ng Miyembro

Walang gastos kapag ang pinahihintulutan ng Health Net ang transportasyon.

Ang hindi sinasakop ng iyong planong dental

Mga serbisyo sa ngipin Hindi nasasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa ngiping ito, para sa mga higit sa 21 taong gulang:

- Mga crown na may mataas na noble metal (ginto)
- Gingival irrigation
- Mga pamamaraang itinuturing na “pandaigdigan” o “napapabilang”, kasama ng benepisyong hindi nasasaklaw
- Mga di-buong pustiso na umaayon ang pundasyon
- Mga pagkonsulta sa espesyalistang dentista
- Orthodontic na paggamot (mga brace)
- Mga crown na pinroseso sa laboratoryo sa mga panlikod na ngipin na hindi sumusuporta sa isang umiiral o inaprubahang pustisong planado sa paggamot.
- Mga crown sa laboratoryo para sa mga pangharap na ngipin na hindi nagpapakita ng kasiraan ng ngipin tulad ng kawalan ng $\frac{1}{2}$ ng surface (ibabaw) ng pagkagat, $\frac{1}{2}$ ng haba ng ngipin, o kasali ang $\frac{1}{2}$ ng buong ngipin.
- Hindi isang benepisyo ang mga mapagpanumbalik na serbisyo at serbisyo sa crown kapag kaduda-duda ang palatandaan ng ngipin dahil sa kawalan ng kakayahang maipanumbalik ito o sa kaugnayan sa periodontics.
- Hindi isang benepisyo ang mga mapagpanumbalik na serbisyo at serbisyo sa crown na ibinibigay lamang para palitan ang estruktura ng ngipin na nawala dahil sa pagkasira, pagkagargas, pagkaagnas o para lamang sa mga pangkosmetikong layunin.
- Masidhing Paglilinis/Scaling kapag hindi nagpapakita ang mga x-ray ng makabuluhang dami ng kawalan ng buto at pagkakaroon ng mga deposito ng calculus sa ilalim ng linya ng gilagid.
- Mga di-buong pustisong metal ang pundasyon, maliban kung may umiiral o inaprubahang buong pustisong planado sa paggamot sa kabilang arko
- Nakapirming di-buong pustiso (bridge) maliban kung mayroong mga natatanging medikal na kondisyon
- Mga implant at mga serbisyong kaugnay ng implant, maliban kung umiiral ang mga natatanging medikal na kondisyon. Ang mga kumplikasyong ito ay kabilang ang, pero hindi limitado sa mga sumusunod:
 - Kanser sa bibig na nangangailangan ng ablative na pag-opera at/o radyasyong magdudulot ng kasiraan ng alveolar na buto, kung saan hindi kayang suportahan ng mga nawawalang osseous na estruktura ang mga karaniwang prosthesis sa ngipin.
 - Malubhang atropiya ng mandible at/o maxilla na hindi maaayos ng mga pamamaraan sa vestibular na ekstensiyon o pamamaraan sa pagpapalaki ng osseus, at hindi kayang kumilos ng pasyente nang may mga karaniwang prosthesis.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

- Mga depormidad sa buto na hinahadlangan ang paggamit ng mga karaniwang prosthesis (tulad ng arthrogryposis, ectodermal dysplasia, partial anodontia at cleidocranial dysplasia).
- Pagkasira ng panga, mukha o ulo na nagdulot ng trauma, kung saan hindi kayang suportahan ng mga natitirang osseous na istruktura ang mga karaniwang prosthesis sa ngipin.

Hindi nasasaklaw ang mga serbisyo sa ngiping ibinigay sa labas ng Los Angeles County, maliban kung ginawa ang mga ito para sa isang emergency. Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa www.smilecalifornia.org

Mga serbisyong hindi mo matatanggap sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal

May ilang serbisyo na hindi sasakupin ng Health Net o Medi-Cal, kabilang ang:

- California Children Services (CCS, Mga Serbisyo sa Kabataan ng California)
- Mga serbisyong hindi para sa ngipin
- Anumang serbisyo sa ngipin na hindi nasasaklaw ng programang Medi-Cal Dental
- Mga serbisyo sa ngipin na sinimulan bago ang aktibong coverage o pagkaraan ng pagtatapos ng coverage sa Plan
- Mga serbisyo, pamamaraan, kasangkapan o pagpapanumbalik sa ngipin para gamutin ang Temporomandibular Joint Dysfunction (TMJ)
- Mga serbisyo sa ngipin na tinukoy bilang para sa mga pangkosmetikong layunin batay sa isang propesyonal na pagsusuri
- Mga serbisyo sa ngipin na tinukoy bilang hindi medikal na kinakailangan batay sa isang propesyonal na pagsusuri
- Mga serbisyo sa ngipin para maipanumbalik ang istruktura ng ngipin na nawala mula sa pagkagasgas, pagkaagnas, paggiling o pag-clinch ng ngipin
- Mga serbisyo o kagamitang ibinigay ng isang dentistang may espesiyalidad sa Prosthodontics.
- Mga serbisyo sa ngipin para sa pagtanggap ng ikatlong molar na ngipin (wisdom teeth) na walang makabuluhang tanda ng pagkabulok, hindi maalís na pananakít at impeksyon at/o mga ngipin na hindi nakakahadlang sa pagkasira ng ibang mga ngipin.
- Mga serbisyo sa ngipin na mababago ang paraan kung paano nagkikita ang mga ngipin sa pagkagat at pagnguya
- Anumang serbisyo sa ngipin na isinagawa sa labas ng iyong itinalagang tanggapan sa ngipin, maliban kung malinaw na inawtorisahan ito ng Health Net
- Anumang regular na serbisyo sa ngipin na isinagawa ng isang dentista o espesiyalistang dentista sa isang kapaligiran ng inpatient/outpatient na ospital

Basahin ang bawat isa ng mga seksyon sa ibaba para matuto pa. O tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

California Children Services (CCS, Mga Serbisyo sa Bata ng California)

Ang CCS ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may mga partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit o hindi gumagaling na mga problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga tuntunin ng programang CCS. Kung naniniwala ang Health Net o ang iyong PCP na ang iyong anak ay may isang kondisyon sa CCS, irerekomenda siya sa programang CCS.

Magpapasiya ang mga tauhan ng programang CCS kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyong CCS. Kung makakatanggap ang iyong anak ng mga uri ng pangangalagang ito, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa kondisyon sa CCS. Patuloy na sasaklawin ng Health Net ang mga uri ng serbisyong walang kinalaman sa kondisyon sa CCS tulad ng mga pisikal na checkup, bakuna at pagtingin sa malusog na bata.

Hindi nasasaklaw ng Health Net ang pangangalagang ibinibigay ng serbisyong CCS. Para saklawin ng CCS ang mga problemang ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo at kagamitan. Hindi nasasaklaw ng CCS ang lahat ng problema. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng mga problemang pisikal na humahadlang o kailangang gamutin sa pamamagitan ng mga gamot, pag-opera o rehabilitasyon (rehab). Sinasaklaw ng CCS ang kabataang may mga problemang tulad ng:

- Sakit sa pusong mula sa pagkabata
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sick cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Malulubhang hindi gumagaling na problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- May bingot na labi/ngalangala
- Spina bifida (may bitak na gulugod)
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure na hindi makontrol
- Rheumatoid arthritis (sakit sa kasukasuan)
- Muscular dystrophy (pagkasira ng kalamnan)
- AIDS
- Matitinding pinasala sa ulo, utak o spinal cord (gulugod)
- Matitinding pagkasunog
- Lubhang liku-likong mga ngipin

Nagbabayad ang estado para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo sa programang CCS, patuloy siyang makakatanggap ng



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Health Net. Para matuto pa tungkol sa CCS, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Ibang mga programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal

Mayroong ibang mga programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal, kabilang ang:

Nag-aalok ang Departamento ng Edukasyon sa Kalusugan ng Health Net ng mga libreng programa, serbisyo at dulugan para matulungan ang mga miyembro ng Medi-Cal na manatiling malusog at pamahalaan ang kanilang mga kondisyon sa kalusugan. Maaaring makakuha ang mga miyembro at provider ng higit pang impormasyon tungkol sa mga available na programa, serbisyo at dulugan sa pamamagitan ng pagbisita sa:

https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/members/medi-cal/health-net-medi-cal-wellness-programs.html o tumawag sa Health Education Information Line (Linya para sa Impormasyon sa Edukasyon sa Kalusugan) sa (800) 804-6074 (TTY: 711).

Basahin ang bawat isa ng mga seksyon sa ibaba para matuto pa tungkol sa ibang mga programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal. Maaaring makakuha ang mga miyembro at provider ng higit pang impormasyon tungkol sa mga available na programa, serbisyo at dulugan sa pamamagitan ng pagbisita sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Medi-CalDenti-Cal.aspx>

Kasama sa ilan sa mga karagdagang programang available sa pamamagitan ng Medi-Cal ang:

Mga Waiver ng Medi-Cal: isang programa na nagbibigay ng mga karagdagang serbisyo sa mga partikular na grupo ng indibidwal, limitadong serbisyo sa mga partikular na heograpikong lugar, at nagbibigay ng medikal na coverage sa mga indibidwal na maaaring kwalipikado para sa Medi-Cal.

Programang sa Inireresetang Gamot ng Bahagi D ng Medicare: Isang batas kung saan kasama ang benepisyo sa inireresetang gamot para sa mga miyembro ng Bahagi D ng Medicare.

Programang sa Pangangalaga sa Paningin: Isang benepisyo sa kalusugan na nasasaklaw para sa karamihan ng miyembrong kwalipikado sa ilalim ng Medi-Cal.

Pag-uugnay ng mga benepisyo

Nag-aalok ang Health Net ng mga serbisyo para tulungan kang iugnay ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa ngipin nang wala kang babayaran. Kung may mga tanong o alalahanin ka tungkol sa iyong pangangalaga sa ngipin o sa pangangalaga sa ngipin ng iyong anak, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

5. Mga serbisyo sa pag-iwas sa problema sa ngipin para sa bata at kabataan

Awtomatikong binibigyan ng Health Net ang mga bata at kabataang miyembrong wala pang 21 taong gulang ng mga serbisyo sa ngipin para tiyaking natatanggap nila ang mga tamang serbisyo sa ngipin. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Mga pag-check up sa ngipin

Panatilihing malinis ang mga gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng araw-araw na marahang pagpupunas sa mga gilagid gamit ang tela. Sa loob ng humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang “pagngingipin” sa panahong lumalabas na ang mga ngipin ng sanggol. Dapat na magpaiskedyul ka ng isang appointment para sa unang pagbisita ng iyong anak sa dentista sa oras na lumabas ang kanyang unang ngipin o bago ang kanyang unang kaarawan, alinman ang mauuna.

Ang mga sumusunod na serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay mga libre o murang serbisyo para sa:

Mga 1 hanggang 4 na taong gulang na sanggol:

- Unang pagbisita ng sanggol sa dentista
- Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri ng ngipin (bawat 6 na buwan; bawat 3 buwan mula sa pagkapanganak hanggang 3 taong gulang)
- Mga x-ray
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Paglalapat ng fluoride sa ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga pasta
- Pagbunot ng ngipin
- Mga Pang-emergency na Serbisyo
- Mga serbisyo sa outpatient



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

- Sedasyon (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang 5-12 taong gulang:

- Mga pagsusuri ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga x-ray
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Paglalapat ng fluoride sa ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga sealant sa bagang
- Mga pasta
- Mga root canal
- Pagbunot ng ngipin
- Mga Pang-emergency na Serbisyo
- Mga serbisyo sa outpatient
- Sedasyon (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang 13-20 taong gulang:

- Mga pagsusuri ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga x-ray
- Paglalapat ng fluoride sa ngipin (bawat 6 na buwan)
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga pasta
- Mga crown
- Mga root canal
- Mga di-buo at buong pustiso
- Scaling at root planing
- Pagbunot ng ngipin
- Mga Pang-emergency na Serbisyo
- Mga serbisyo sa outpatient
- Sedasyon (kung medikal na kinakailangan)

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga nasasaklaw na serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Maaari mo ring bisitahin ang Health Net sa www.hndental.com.

Tulong sa pagtanggap ng mga serbisyo sa pag-iwas sa problema sa ngipin para sa bata at kabataan

Tutulungan ng Health Net ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na matanggap ang mga serbisyong kailangan nila. Ang Health Net ay maaaring:

- Sabihan ka tungkol sa mga serbisyo
- Humanap ng mga provider
- Gumawa ng mga appointment para sa iyo.
- Magkaloob ng pag-uugnay upang makuha ang tamang pangangalaga sa tamang panahon mula sa tamang provider.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

6. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang isang miyembro ng Health Net, mayroon kang mga partikular na karapatan at responsibilidad. Ipapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na iyon. Magbibigay din ang kabanatang ito ng mga legal na paunawang may karapatan ka bilang isang miyembro ng Health Net.

Iyong mga karapatan

May mga sumusunod na karapatan ang mga miyembro ng Health Net:

- Para mapakitunguhan nang may respeto, habang isinasaalang-alang ang karapatan sa pagkapribado ng Miyembro at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kumpidensiyal ng medikal at pangngiping impormasyon ng Miyembro.
- Para mabigyan ng impormasyon tungkol sa plan at sa mga serbisyo nito, kabilang ang Mga Nasasaklaw na Serbisyo, ang mga dentista nito, at ang mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Para makapili ng isang Dentista sa Pangunahing Pangangalaga na nasa network ng Health Net.
- Para lumahok sa paggawa ng desisyon tungkol sa kanilang sariling pangangalaga sa ngipin, kabilang ang karapatang tanggiin ang paggamot.
- Para magsabi ng mga reklamo tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap, nang pabigkas o pasulat man.
- Para tumanggap ng mga libreng serbisyo sa pabigkas na pagsasalin para sa iyong wika.
- Para ma-access ang Mga Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan, Mga Pasilidad ng Indiyang Serbisyo sa Kalusugan, at mga Pang-emergency na Serbisyo na nasa labas ng network ng Health Net, alinsunod sa pederal na batas.
- Para humiling ng isang Pagdinig ng Estado kung tinanggihan ang isang serbisyo o benepisyo at nakapaghain ka na ng apela sa Health Net at hindi ka pa rin nasisiyahan sa desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela matapos ang 30 araw, kasama ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Para ma-access, at kung saan legal na naaangkop, tumanggap ng mga kopya ng iyong rekord sa ngipin, at humiling na baguhin o itama ang mga ito, tulad ng tinukoy sa 45 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon 164.524 at 164.526.
- Para humiling ng pag-alis sa pagkakatala mula sa Health Net at magpalit ng plan sa ngipin sa county kung hihilingin.
- Para tumanggap ng mga nakasulat na materyal na nagbibigay sa Miyembro ng impormasyon sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malalaking letra, at



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

audio na format) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na angkop sa format na hiniling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng W & I Code.

- Para maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o pagganti.
- Para tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga available na opsiyon at alternatibo sa paggamot, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa kondisyon at kakayahang umunawa ng Miyembro.
- Kalayaang gamitin ang mga karapatan nang hindi negatibong nakakaapekto sa kung paano sila pinapakitunguhan ng Kontratista, mga provider, o ng Estado

Iyong mga responsibilidad

May mga sumusunod na responsibilidad ang mga miyembro ng Health Net:

- Pagpapakumpleto ng paggamot sa iyong itinalagang PCD.
- Pagsunod sa lahat ng mga tuntunin ng tanggapang dental tungkol sa pangangalaga at pagkilos.
- Pagsunod sa proseso ng pagrekomenda para sa pangangalaga ng espesyalista.
- Pagbibigay sa iyong PCD, sa abot ng iyong kaalaman, ng tamang impormasyon tungkol sa iyong kalusugang pisikal at dental.
- Pagsasabi sa iyong PCD kung may anumang biglang mga pagbabago sa iyong pisikal at dental na kalusugan.
- Pagsasabi sa iyong PCD o espesyalista na naiintindihan mo ang direksiyon ng paggamot at kung ano ang inaasahan sa iyo.
- Pananatili sa plan sa paggamot na naiintindihan mo at pinagkasunduan ninyo ng iyong PCD o espesyalista.
- Pagpapanatili ng iyong mga nakaplanong appointment sa iyong PCD.
- Pagsasabi sa iyong PCD o espesyalista kung hindi ka makakarating sa iyong mga nakaplanong appointment.
- Iyong mga sariling aksiyon kung tumanggi ka sa paggamot o hindi sumusunod sa plano sa paggamot, mga tagubilin at payo ng iyong PCD
- Unawain ang iyong mga benepisyong sa ngipin, kabilang ang kung ano ang nasasaklaw at hindi nasasaklaw.
- Pagbabayad ng anumang bayarin o pera sa iyong ngipin kapag sumang-ayon kang kumpletuhin ang mga serbisyong hindi nasasaklaw sa ilalim ng iyong plan.

Mga paraan para makilahok bilang isang miyembro

Gusto ng Health Net na makarinig mula sa iyo. Bawat taon, mayroon kaming mga pagpupulong para pag-usapan ang tungkol sa kung ano ang mahusay na tumatakbo at paano kami makakapagpahusay. Iniimbitahang dumalo ang mga miyembro. Samahan kami at sabihin sa amin ang iyong mga saloobin!

Komite sa Pampublikong Patakarang ng Health Net

Mayroon kaming isang grupong tinatawag na Komite sa Pampublikong Patakarang. Binubuo ang grupong ito ng mga miyembro, sumusuportang tauhan, at miyembro ng komite sa pakikilahok. Pinag-uusapan ng grupong ito ang tungkol sa kung paano mapahusay ang mga patakarang ng Health Net at responsable ito para sa:



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

- Pagrekomenda ng mga paraan para mapaglingkuran nang mas mabuti ang aming mga miyembro
- Pagsusuri ng mga panukat ng kalidad para tiyakin ang kasiyahan ng miyembro
- Pagmumungkahi ng mga pagpapahusay sa programa ng Health Net
- Pagsusuri ng pinansiyal na kakayahan ng Health Net na magbigay ng mga serbisyo sa ngipin

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Abiso sa mga Gawi sa Pagkapribado

Available at ibigay sa iyo ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Health Net para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng mga rekord sa ngipin kapag hiniling.

Gaya ng iniaatas ng batas, ang abisong ito ay tungkol sa iyong mga karapatan, aming mga legal na tungkulin at mga gawain sa pagkapribado tungkol sa pagkapribado ng Personal Health Information (PHI, Personal na Impormasyon sa Kalusugan). Tinatalakay din ng abisong ito ang tungkol sa paraan na maaari naming kolektahin, gamitin at isiwalat ang iyong PHI. Dapat nating sundin ang mga kautusan ng abisong kasalukuyang may bisa. Pinapanatili namin ang karapatang pana-panahong gumawa ng mga pagbabago sa abisong ito at isabisa ang binagong abiso para sa lahat ng PHI na pinapanatili namin. Makikita mo ang aming pinakabagong abiso sa pagkapribado sa aming website sa www.hndental.com.

Tumawag sa aming Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY 711) Lunes hanggang Biyernes para sa isang nakasulat na kopya ng abisong ito.

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas na nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad, kahit na hindi kasama o ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay ang mga pang-estado at pederal na batas tungkol sa programang Medi-Cal. Maaaring nalalapat din ang ibang mga pederal at pang-estadong batas.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang isang pinakahuling magsisilbing tagabayad

Paminsan-minsan, kailangan munang magbayad ng ibang tao para sa mga serbisyong ibinigay sa iyo ng Health Net. Halimbawa, kung mayroon ka nang insurance mula sa iyong employer. Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay may karapatan at responsibilidad na sumingil para sa mga nasasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang Medi-Cal ay hindi ang unang tagabayad. Sumusunod ang programang Medi-Cal sa mga pang-estado at pederal na batas at regulasyon na may kaugnayan sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga benepisyaryo. Gagawin namin ang lahat ng mga



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

makatuwirang hakbang para tiyakin na ang programang Medi-Cal ay ang pinakahuling magsisilbing tagabayad.

Abiso sa Hindi Pabor na Pagpapasiya sa Benepisyo

Dapat naming gamitin ang form ng Notice of Adverse Benefit Determination (NABD, Abiso sa Hindi Pabor na Pagpapasiya sa Benepisyo) para abisuhan ka tungkol sa isang pagtanggì, pagtatapos, at pag-antala o pagbabago sa mga benepisyo. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Health Net, maaari kang maghain ng apela sa Health Net. Ang impormasyon tungkol sa kung paano maghain ng apela ay matatagpuan sa Kabanata pito (7) ng Handbook na ito.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

7. Pag-uulat at paglutas sa mga problema

May dalawang uri ng mga problemang maaari mong maranasan sa iyong Health Net Dental:

- Ang isang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag may problema ka sa Health Net, o sa isang provider, o sa pangangalaga o paggamot sa ngipin na natanggap mo mula sa isang provider
- Ang **apela** ay ang kapag hindi ka sumasang-ayon sa desiyon ng Health Net na hindi saklawin ang mga serbisyo

Dapat gamitin mo muna ang proseso sa karaingan at apela ng Health Net para ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi nito inaalis ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi rin kami magdidiskrimina o kikilos laban sa iyo dahil sa pagrereklamo sa amin. Makakatulong ang pagpapaalam sa amin ng tungkol sa iyong problema na mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro. Kung hindi nalutas ang iyong **karaingan**, maaari kang maghain ng reklamo sa Department of Managed Health Care (DMHC, Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan) ng California. Kung hindi ka sumasang-ayon sa resulta ng iyong **apela**, maaari kang humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado. Dapat na kumpletuhin mo ang panloob na proseso ng pag-apela ng Health Net bago ka makahiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humiling ng isang Independent Medical Review (IMR, Hiwalay na Medikal na Pagsusuri) mula sa DMHC. Ang IMR ay isang patas na pagsusuri ng desisyon ng Health Net. Pinagpapasiyahan ng IMR ang mga pagtatalong kaugnay ng medikal na pangangailangan, coverage, at pagbabayad para sa mga agaran at pang-emergency na serbisyo. Dapat kang mag-apply para sa isang IMR sa loob ng anim (6) na buwan pagkatapos magpadala sa iyo ang Health Net ng nakasulat na desisyon tungkol sa iyong apela.

Kung humiling ka muna ng isang Pagdinig ng Estado (tingnan ang nasa ibaba para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga apela at Pagdinig ng Estado), **hindi** ka makakahiling ng isang Independent Medical Review (IMR, Hiwalay na Medikal na Pagsusuri). Pero kung humiling ka muna ng isang IMR at hindi ka nasiyahan sa resulta, makakahiling ka ng isang Pagdinig ng Estado. Makahihingi ka ng tulong mula sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay responsable sa pangangasiwa ng mga plan sa serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong plan sa kalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong plan sa kalusugan sa **1-800-977-7307 (TTY 711)** at gamitin ang proseso sa karaingan ng iyong plan sa kalusugan bago ka makipag-ugnayan sa departamento. Hindi pinagbabawalan ng paggamit ng pamamaraan sa karaingang ito ang anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaaring makukuha mo. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingang may kaugnayan sa isang emergency, isang karaingang hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong plan sa kalusugan, o isang karaingang higit sa 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari kang tumawag sa kagawaran para sa tulong. Maaaring kwalipikado ka rin para sa isang Independent Medical Review (IMR, Hiwalay na Medikal na Pagsusuri). Kung kwalipikado ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng patas na pagsusuri ng mga medikal na desisyong ginawa ng isang plan sa kalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa coverage para sa mga paggamot na pagsubok o nag-iimbistiga, at mga pagtatalo sa pagbabayad para sa mga pang-emergency o agarang medikal na serbisyo. Ang departamento ay may isang walang-bayad na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at isang TDD line (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Web site ng departamento na **www.dmhca.gov** ay may mga form para sa reklamo, mga form ng aplikasyon para sa IMR at mga tagubilin online.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Department of Health Care Services (DHCS, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan) ng California. Makatutulong ang Ombudsman sa mga problemang hindi pa nalulutas ng plan; mga problema sa pagsali, pagbabago o pag-alis sa isang plan; at ibang mga problema sa isang plan sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal. Maaari kang tumawag sa Ombudsman sa **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

Maaari ka ring maghain ng isang karaingan sa tanggapan sa pagiging kwalipikado ng iyong county tungkol sa pagiging kwalipikado mo sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung saan ka maaaring maghain ng karaingan, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Mga reklamo

Ang isang reklamo (o karaingan) ay maaaring tungkol sa pangangalagang natatanggap mo mula sa isang provider na nasa network. Ang isang reklamo ay maaaring tungkol din sa Health Net. Tumingin sa ibaba para sa higit pa tungkol sa mga apela at Pagdinig ng Estado. Maaari mong ihain ang iyong reklamo sa iyong PCD o sa Health Net.

Maaari kang maghain sa amin ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o mail. Walang limitasyon sa panahon para makapaghain ng reklamo. Para maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa tanggapan ng iyong PCD o tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Ibigay ang numero ng ID sa iyong plan sa ngipin, iyong pangalan, at ang dahilan para sa iyong reklamo.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Para maghain ng reklamo sa pamamagitan ng mail, tumawag 1-800-977-7307 (TTY 711). Hilingin na magpadala sa iyo ng isang form. Kapag natanggap mo ang porma, kumpletuhin ito. Tiyaking isasama ang iyong pangalan, numero ng ID sa iyong plan sa ngipin, at ang dahilan para sa iyong reklamo. Sabihin sa amin ang nangyari at kung paano kami makatutulong sa iyo.

- Ipakoreo sa:
Health Net Dental
Appeals & Grievances
P.O. Box 10348
Van Nuys, CA 91410
- Online: www.hndental.com

May mga available na form sa reklamo ang tanggapan ng iyong dentista, o makikita mo rin ang mga form online sa aming website. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasampa ng iyong reklamo, makatutulong kami sa iyo. Maaari kaming magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711).

Sa loob ng 5 araw pagkatapos matanggap ang iyong reklamo, magpapadala kami sa iyo ng isang liham na nagsasabi sa iyo na natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo kung paano namin nilutas ang iyong problema.

Kung gusto mong gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ng panahong kinakailangan para lutasin ang iyong reklamo ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na kumilos, maaari kang humiling ng isang pinadali (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras matapos matanggap ang iyong reklamo.

Mga apela

Ang apela ay naiiba sa isang reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para repasuhin at baguhin ng Health Net ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa coverage para sa isang hiniling na serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng isang Notice of Adverse Benefit Determination (NABD, Abiso sa Hindi Pabor na Pagpapasiya sa Benepisyo) at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang maghain ng isang apela, o maaaring maghain ang iyong PCD ng isang apela para sa iyo.

Maaari kang maghain ng isang apela sa pamamagitan ng telepono o mail. Dapat kang maghain ng isang apela sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo mula sa petsa na natanggap mo ang paunawa.

- Sa pamamagitan ng telepono: tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID sa plan sa kalusugan, at ang serbisyong inaapela mo.
- Sa pamamagitan ng koreo: tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Hilingin na magpadala sa iyo ng isang form. Kapag natanggap mo ang porma, kumpletuhin ito. Tiyaking isasama ang iyong pangalan, numero ng ID sa iyong plan sa ngipin, at ang serbisyong inaapela mo.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

- Ipakoreo sa:
Health Net Dental
Appeals & Grievances
P.O. Box 10348
Van Nuys, CA 91410
- Online: www.hndental.com

Kung sinasabi ng abisong ipinadala namin sa iyo na ititigil ang mga serbisyo, maaari kang patuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa panahon ng iyong apela. Para magawa iyon, dapat humiling ka o ang iyong PCD ng isang apela sa loob ng sampung (10) araw ng petsa na ipinadala sa iyo ang abiso sa koreo. Dapat mong sabihin sa amin na gusto mong patuloy na tumanggap ng mga serbisyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong apela, makatutulong kami sa iyo. Maaari kaming magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Sa loob ng limang (5) araw pagkatapos matanggap ang iyong apela, magpapadala kami sa iyo ng isang liham na nagsasabi sa iyo na natanggap na namin ito. Sa loob ng tatlong (30) araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela.

Kung gusto ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ng panahong kinakailangan para lutasin ang iyong reklamo ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na kumilos, maaari kang humiling ng isang pinadali (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng pitumpu't-dalawang (72) oras matapos matanggap ang iyong apela.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang isang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong sa mga tao mula sa Department of Social Services (DSS, Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan) ng California. Tutulong ang isang hukom na lutasin ang iyong problema. Maaari ka lamang humiling ng isang Pagdinig ng Estado **pagkatapos** mong makumpleto ang isang proseso sa apela sa loob ng Health Net at hindi ka pa rin nasisiyahan sa desisyon o kung hindi ka nakatanggap ng isang desisyon sa iyong apela pagkaraan ng tatlong (30) araw.

Maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o mail. Dapat kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng isang daan at dawampung (120) araw sa kalendaryo mula sa petsang nasa abiso na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela. Makakahiling ang iyong PCD ng isang Pagdinig ng Estado para sa iyo kung makakakuha siya ng pag-apruba mula sa DSS.

Tumawag sa DSS para humiling sa estado na magbigay ng pag-apruba para sa iyong PCD para humingi ng isang Pagdinig ng Estado. Kung sinabi ng abisong ipinadala namin na ititigil ang mga serbisyo, makatanggap ka pa rin ng mga serbisyo sa panahon ng iyong Pagdinig ng Estado.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Para magawa iyon, ikaw o ang iyong PCD ay dapat humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng sampung (10) araw ng petsa na ipinadala sa iyo sa koreo ang abiso. Dapat mong sabihing gusto mong patuloy na tumanggap ng mga serbisyo.

Para humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa Yunit sa Pagtugon sa Publiko ng Department of Social Services (DSS, Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan) ng California sa **1-800-743-8525 (TTD 1-800-952-8349)**.

Para humingi ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng mail, kumpletuhin ang form na ibinigay sa iyo kasama ng abiso sa paglutas ng iyong mga apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, MS 09-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, makatutulong kami sa iyo. Maaari kaming magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY 711). Sa pagdinig, ibibigay mo ang iyong panig. Ibibigay namin ang aming panig. Maaaring umabot ng hanggang siyamnapung (90) araw para makapagpasiya ang hukom sa iyong kaso.

Kung gusto mong gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ng panahong kinakailangan para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na kumilos, ikaw o ang iyong PCD ay maaaring sumulat sa DSS. Maaari kang humingi ng isang pinadali (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ang DSS ng desisyon nang hindi lalampas sa tatlong (3) araw ng trabaho pagkatapos nitong matanggap ang iyong kahilingan.

Kung sumailalim ka na sa isang Pagdinig ng Estado, **hindi** ka makakahiling ng isang IMR. Pero, kung humiling ka muna ng isang IMR at hindi ka nasisiyahan sa resulta, makakahiling ka pa rin ng isang Pagdinig ng Estado.

Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung naghihinala ka na nakagawa ang isang provider o isang taong tumatanggap ng Medi-Cal ng pandaraya, pag-aaksaya o pang-aabuso, karapatan at responsibilidad mong iulat ito.

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ng tagapagkaloob ang:

- Pagpapalit ng mga rekord sa ngipin
- Pagreseta ng gamot na higit sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa ngipin na higit sa medikal na kinakailangan
- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga propesyonal na serbisyo gayong hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ng isang taong tumatanggap ng mga benepisyo ang:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay ng isang ID card sa plan sa ngipin o Benefits Identification Card (BIC, Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagtanggap ng magkatulad o magkaparehong paggamot o gamot mula sa higit sa isang provider
- Pagpunta sa isang emergency room kapag hindi emergency
- Paggamit ng numero ng Social Security o numero ng ID sa plan sa ngipin ng ibang tao

Para iulat ang pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya o pang-aabuso. Magbigay ng impormasyon tungkol sa tao hanggang sa makakaya mo, tulad ng numero ng telepono o ang espesyalidad kung isa siyang provider. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at isang buod ng kung ano ang eksaktong nangyari.

Ipakoreo sa:

Health Net Dental
C/O LIBERTY Dental Plan
Special Investigation Unit
P.O. Box 26110
Santa Ana, CA 92799-6440

O tumawag sa aming dalawampung-apat (24) na oras na Nakahandang Linya sa Pandaraya, Pag-aaksaya at Pang-aabuso sa 1-888-704-9833.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

Mahahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net 1-800-977-7307 (TTY 711)
- Mga Benepisyaryo ng Medi-Cal Dental 800-322-6384 (TTY 800-735-2922)
- Sentro ng Tulong ng DMHC 888-466-2219
- Mga Opsiyon sa Pangangalagang Pangkalusugan – Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal 800-430-4263
- Health Consumer Alliance 888-804-3536
- Pagiging Kwalipikado sa Medi-Cal 916-552-9200
- Makatarungang Pagdinig ng Medi-Cal 800-952-5253 (TTY 800-952-8349)
- Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal 916-449-2000
- Ombudsman ng Medi-Cal 888-452-8609

Mga salitang dapat malaman

Nasa hustong gulang: Sinumang miyembro na nakatala sa Medi-Cal mula sa edad na 21 at higit

Apela: Isang pormal na kahilingan na pinarerepaso sa Health Net ang mga tinanggihang serbisyo para sa ibinigay na paggamot. Ang isang apela ay maaaring ihain ng iyong dentista.

Apela: Isang kahilingan ng miyembro para repasuhin at baguhin ng Health Net ang isang desisyong ginawa tungkol sa coverage para sa isang hiniling na serbisyo.

Angkop: Angkop sa, o tumutukoy sa pagkakaroon ng epekto sa isang tao o bagay.

Awtorisasyon: Tingnan ang Paunang Awtorisasyon.

Pagsingil ng Balanse: Pagsingil sa isang pasyente para sa diperensiya sa pagitan ng aktuwal na singil ng dentista at sa halagang ibinayad ng Health Net. Maliban sa mga copayment at Pagbabahagi ng Gastos, hindi pinahihintulutan ang pagsingil ng balanse para sa mga nasasakop na serbisyo.

Benepisyaryo: Isang taong kwalipikado para sa mga benepisyong Medi-Cal.

Benefits Identification Card (BIC, Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyong):

Ang card ng identipikasyon na ibinibigay ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa mga benepisyaryo. Kabilang sa BIC ang numero ng benepisyaryo at iba pang mahalagang impormasyon.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Mga benepisyo: Ang mga medikal na kinakailangang serisyo sa ngipin na ibinibigay ng isang dentista ng Health Net na available sa pamamagitan ng programa sa ngipin ng Medi-Cal.

Programa ng California Children Services (CCS, Mga Serbisyo sa Kabataan ng California): Isang programa sa pampublikong kalusugan na nagbibigay ng mga natatanging serbisyo sa pagsusuri, paggamot, at therapy sa mga kwalipikadong kabataang wala pang 21 taong gulang na may mga kondisyong kwalipikado sa CCS, tulad ng tinukoy ng mga regulasyon ng estado.

Caries: Isa pang katawagan para sa pagkabulok ng ngipin o mga cavity.

Anak: Sinumang miyembro na nakatala sa Medi-Cal mula sa edad na 0 hanggang wala pang 21

Mga Serbisyo ng Programang Child Health and Disability Prevention (CHDP, Kalusugan ng Bata at Pag-iwas sa Kapansanan) Ang mga pang-iwas na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang na ibinigay sa ilalim ng batas at mga regulasyon ng estado.

Klinikal na Pag-screen: Isang pagsusuri ng isang dentista para makapagbigay ng opinyon tungkol sa kaangkupan ng paggamot na iminungkahi o ibinibigay ng ibang dentista ng DMC. Maaarin kailanganin ng DMC ang isang klinikal na pag-screen sa ilalim ng mga partikular na pangyayari.

Reklamo: Isang pabigkas o nakasulat na pahayag ng kawalan ng kasiyahan, kabilang ang anumang hindi pagkakasundo, paghiling ng muling pagsasaalang-alang, o apelang ginawa mo, o ng iyong dentista sa ngalan mo. Maaari ding gawin ng iyong kinatawan ang isang reklamo.

Copayment: Isang maliit na bahagi ng bayad sa dentista na binabayaran ng benepisyaryo.

Mga Nasasaklaw na Serbisyo: Ang set ng mga pamamaraan sa ngipin na mga benepisyo ng Health Net. Magbabayad lamang ang Health Net para sa mga medikal na kinakailangang serbisyo na ibinibigay ng isang dentista ng Health Net na mga benepisyo ng programa sa ngipin ng Medi-Cal.

Espesyalistang sa Ngipin: Isang dentistang nagbibigay ng pangangalagang may espesyalidad tulad ng endodontics, pag-opera ng bibig, dentistriya ng bata, periodontics, at orthodontics (mga brace).

Dentista ng Denti-Cal: Isang dentistang inaprubahang magbigay ng mga nasasaklaw na serbisyo sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment Program (EPSDT, Programa sa Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Diagnosis at Paggamot): Isang pederal na programang nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa kabataan sa pamamagitan ng mga pana-panahong serbisyo sa pag-screen, diyagnostiko at paggamot. Kasama ang pangangalaga sa ngipin sa programang EPSDT.

Pagiging Kwalipikado: Tumutukoy sa pagtugon sa mga kinakailangan para makatanggap ng mga benepisyo sa Medi-Cal.

Pang-emergency na Pangangalaga: Isang pagsusuri at/o pagtatasa sa ngipin na ginawa ng isang dentista o espesyalista sa ngipin ng Health Net para matukoy kung mayroong emergency na kondisyon sa ngipin, at para mabigyan ang Palliative Care (Pampatighaw na Pangangalaga) para gamutin ang anumang pang-emergency na sintomas sa loob ng kakayahan ng pasilidad at sa loob ng mga propesyonal na kinikilalang pamantayan ng pangangalaga.

Emergency na Kondisyon sa Ngipin: Isang kondisyon sa ngipin na kung walang agad na atensiyon ay makatuwirang maaasahang magresulta sa paglalagay sa panganib ng



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

kalusugan ng indibidwal, na magdudulot na matinding pananakit o paghina ng paggalaw.

Endodontist: Isang espesiyalista sa ngipin na inililimita ang kanyang gawain sa paggamot ng sakit at mga pinsala ng pulp at root ng ngipin.

Hindi Kasama: Tumutukoy sa anumang pamamaraan o serbisyo sa ngiping hindi available sa ilalim ng programa sa ngipin ng Medi-Cal.

Karaingan: Isang pabigkas o nakasulat na pahayag ng kawalan ng kasiyahan, kabilang ang anumang hindi pagkakasundo, paghiling ng muling pagsasaalang-alang, o apelang ginawa mo, o ng iyong dentista sa ngalan mo. Maaari ding gawin ng iyong kinatawan ang isang reklamo.

Pagkakakilanlan: Tumutukoy sa isang bagay na nagpapatunay sa kung sino ang tao, tulad ng isang lisensiya sa pagmamaneho.

Mga limitasyon: Tumutukoy sa bilang ng mga serbisyong pinahihintulutan, uri ng serbisyong pinahihintulutan, at/o ang pinakaabot-kayang naaangkop na serbisyo sa ngipin.

Medikal na Kinakailangan: Mga nasasaklaw na serbisyong kailangan at angkop para sa paggamot ng mga ngipin, gilagid, at mga sumusuportang istruktura at na (a) ibinigay alinsunod sa mga propesyonal na kinikilalang pamantayan ng gawain; (b) tinukoy ng gumagamot na dentista na naaayon sa kondisyon ng ngipin; at (c) ang pinakaangkop na uri, supply at antas ng serbisyo batay sa mga posibleng panganib, benepisyo, at nasasaklaw na serbisyo na mga alternatibo.

Hindi Nasasaklaw na Serbisyo: Isang pamamaraan o serbisyo sa ngiping hindi isang nasasaklaw na benepisyo.

Hindi Kalahok na Dentista: Isang dentistang hindi awtorisadong magbigay ng mga serbisyo sa mga benepisyaryong kwalipikado sa Medi-Cal.

Abiso sa Hindi Pabor na Pagpapasiya sa Benepisyo: Isang form na nilikha ng computer na ipinadadala sa mga dentista bilang tugon sa kanilang kahilingan para sa awtorisasyon ng mga serbisyo, upang ipagkait, gawan ng pagbabago o antalahin ang mga serbisyo. (Tingnan ang Kahilingan sa Awtorisasyon sa Paggamot.)

Ibang Coverage sa Kalusugan / Ibang Insurance sa Kalusugan: Coverage para sa mga serbisyong nauugnay sa ngipin na maaari mong matanggap sa ilalim ng anumang pribadong plan sa ngipin, anumang programa ng insurance, anumang iba pang pang-estado o pederal na programa sa pangangalaga ng ngipin, o sa ilalim ng ibang karapatang pangkontrata o pambatas.

Siruhano ng Bibig: Isang espesiyalista sa ngipin na inililimita ang kanyang gawain sa pagsusuri at pag-operang paggamot ng mga sakit, pinsala, depormidad, depekto at anyo ng bibig, panga at mukha.

Orthodontist: Isang espesiyalista sa ngipin na inililimita ang kanyang gawain sa pag-iwas sa at paggamot ng mga problema sa paraan na ang mga itaas at ibabang ngipin ay nagtutugma sa pagkagat o pagnguya.

Provider na Wala sa Network: Isang provider na hindi bahagi ng network ng Health Net.

Palliative Care (Pampatighaw na Pangangalaga): Paggamot na nagpapatighaw ng pananakit pero hindi nilulutas ang problemang nagdudulot ng pananakit, o nagbibigay lamang ng pansamantalang pag-aayos.

Kalahok na Provider sa Ngipin: Isang provider na nakatala sa programang Medi-Cal Dental na nagbibigay ng mga serbisyo sa ngipin sa miyembro ng Plan.

Dentista ng mga Bata: Isang espesiyalista sa ngipin na inililimita ang kanyang gawain sa paggamot ng mga bata mula sa pagkapanganak hanggang sa pagiging binata o dalaga, na nagbibigay ng pangunahin at buong paggamot na pang-iwas na pangangalaga.

Periodontist: Isang espesiyalista sa ngipin na inililimita ang kanyang gawain sa paggamot



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

ng mga sakit ng gilagid at tisyu sa paligid ng mga ngipin.

Premium: Ang halaga ng pera na dapat bayaran ng isang tao bawat buwan para sa coverage sa ngipin Hindi kailangang magbayad ng mga miyembro ng plan ng premium.

Paunang Awtorisasyon: Isang kahilingan ng isang dentista ng Health Net para aprubahan ang mga serbisyo bago gawin ang mga ito. Makakatanggap ang mga dentista ng isang Notice of Authorization (NOA, Abiso sa Awtorisasyon) mula sa Health Net para sa mga inaprubahang serbisyo.

Kodigo sa Pamamaraan: Isang code na numerong tumutukoy sa isang partikular na medikal na serbisyo o serbisyo sa ngipin.

Prosthodontist: Isang espesiyalista sa ngipin na inililimita ang kanyang gawain sa pagpapalit ng mga nawalang ngipin sa pamamagitan ng mga pustiso, bridge o iba pang pamalit.

Provider: Isang indibidwal na dentista, Registered Dental Hygienist in an Alternative Practice (RDHAP, Nakarehistrong Hygienist sa Ngipin sa isang Alternatibong Gawain), grupo sa ngipin, paaralan o klinika sa ngipin na nakatala sa programa sa ngipin ng Medi-Cal para makapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at/o mga serbisyo sa ngipin sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

Direktoryo ng Provider: Isang listahan ng lahat ng provider na nasa network ng Health Net.

Pagrekomenda: Kapag sinabi ng iyong PCD na makatatanggap ka ng pangangalaga mula sa ibang provider. Nangangailangan ang ilang nasasaklaw na pangangalaga at mga serbisyo ng isang pagrekomenda at paunang pag-apruba.

Mga kinakailangan: Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o mga tuntuning dapat mong sundin.

Responsibilidad: Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o inaasahang gawin mo.

Lugar ng serbisyo: Ang heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng Health Net. Kabilang dito ang mga county ng Sacramento at Los Angeles.

Pagbahagi ng Gastos: Ang bahagi ng mga gastusin sa kalusugan na dapat bayaran o ipangakong bayaran ng isang benepisyaryo bago magawa ang anumang pagbabayad ng Medi-Cal para sa buwang iyon.

Lagda: Tumutukoy sa iyong pangalan na isinulat sa iyong sulat-kamay.

Pagdinig ng Estado: Ang Pagdinig ng Estado ay isang legal na prosesong nagbibigay-daan sa mga benepisyaryo na humiling ng muling pagsusuri ng anumang tinanggihan o binagong Treatment Authorization Request (TAR, Paghiling ng Awtorisasyon sa Paggamot). Ito ay nagpapahintulot din sa isang benepisyaryo o dentista na humiling ng isang muling pagtaya ng isang kaso sa pagbabalik ng ibinayad.

Treatment Authorization Request (TAR, Paghiling ng Awtorisasyon sa Paggamot): Isang kahilingang isinumite ng isang dentista ng Health Net para sa pag-apruba ng mga partikular na sakop na serbisyo bago makapagsimula ang paggamot. Ang isang TAR ay iniaatas para sa mga partikular na serbisyo at sa ilalim ng mga natatanging kalagayan.

Form ng TAR/Claim: Ang form na ginagamit ng isang dentista kapag humihiling ng awtorisasyon para magsagawa ng isang serbisyo o tumanggap ng bayad para sa isang nakumpletong serbisyo.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

9. Mga Form



Form para sa Karaingan at mga Apela ng Miyembro

FORM NG KARAINGAN/REKLAMO NG MIYEMBRO

Petsa: _____

Paki-limbag ang lahat ng impormasyon.

Impormasyon sa Nagreklamo:

()		()	
Pangalan	Numero ng Telepono sa Trabaho:	Numero ng Telepono sa Bahay:	
Address	Lungsod	State	Zip Code

Pangalan ng (mga) taong may kaugnayan sa nagreklamo:

	#:
Pangalan	Numero ng ID
Pangalan	Numero ng ID
Pangalan	Numero ng ID

Dahilan ng reklamo [Markahan ang lahat ng angkop]

- | | | |
|--|---|--|
| ☐ Pag-market | ☐ Mahirap na pag-alis sa pagkakatala | ☐ Pagsingil sa miyembro |
| ☐ Kalidad | ☐ Transportasyon | ☐ Pagkuha ng Pangangalaga |
| ☐ Pang-emerhensiyang pangangalaga | ☐ Ugali ng mga tauhan | ☐ Awtorisasyon |
| ☐ Iba: _____ | | |



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

Pahayag ng problema: Petsa na Nangyari: _____ Lokasyon: _____

Pangalan ng Provider _____

Ilarawan nang detalyado ang problema/reklamo:

Gamitin ang likod ng form na ito kung kailangan ng karagdagang espasyo

Lagda ng Miyembr

Petsa

(o lagda ng magulang kung saan ang miyembro ay isang menor na edad o may kapansanan)

PAGLABAS NG MEDIKAL

MIYEMBRO: Mangyaring ibigay ang pangalan at numero ng telepono ng sinumang mga provider na maaaring gumamot sa iyo para sa kondisyon, na may kaugnayan sa karaingang ito.

Lahat ng mga Rekord na Medikal na nakuha ay istriktong pananatiliing kompidensiyal at gagamitin lamang para sa pagsusuri ng iyong karaingan.

SA PAMAMAGITAN NITO AY PINAHIHINTULUTAN AT HINIHLING KO SA (MGA) PROVIDER NA NAKALISTA SA ITAAS NA ILABAS ANG ANUMAN AT LAHAT NG MGA REKORD NA MEDIKAL SA HEALTH NET NA SUMUSUPORTA SA PANGANGAILANGANG MEDIKAL PARA SA PINAG-UUKULAN NG KARAINGANG ITO:

LAGDA: _____ **PETSA:** _____

(Kung pinirmahan ng hindi Miyembro)

RELASYON: _____
(INA, AMA, GUARDIAN)

Kung may iba ka pang mga tanong o nangangailangan ng karagdagang tulong na nauukol sa bagay na ito, mangyaring kontakín ang aming Departamento ng mga Serbisyo para sa Miyembro nang



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.

walang bayad sa 1-800-977-7307 (TTY: 711). Kapag kumpleto na, mangyaring isumite ang form na ito sa: Health Net, Attn: Medi-Cal Member Appeals and Grievance Department, P.O. Box 10348, Van Nuys, CA 91410-0348. Numero ng Fax: (877) 831-6019.

Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay responsable sa pangangasiwa ng mga plan sa serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong plan sa kalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong plan sa kalusugan sa **1-800-977-7307 (TTY: 711)** at gamitin ang proseso sa karaingan ng iyong plan sa kalusugan bago ka makipag-ugnayan sa departamento. Hindi pinagbabawalan ng paggamit ng pamamaraan sa karaingang ito ang anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaaring makukuha mo. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingang may kaugnayan sa isang emergency, isang karaingang hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong plan sa kalusugan, o isang karaingang higit sa 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari kang tumawag sa kagawaran para sa tulong. Maaaring kwalipikado ka rin para sa isang Independent Medical Review (IMR, Hiwalay na Medikal na Pagsusuri). Kung kwalipikado ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng patas na pagsusuri ng mga medikal na desisyong ginawa ng isang plan sa kalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa coverage para sa mga paggamot na pagsubok o nag-iimbistiga, at mga pagtatalo sa pagbabayad para sa mga pang-emergency o agarang medikal na serbisyo. Ang departamento ay may isang walang-bayad na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at isang TDD line (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento www.dmhca.gov ay may form para sa reklamo, mga form ng aplikasyon para sa IMR, at mga instruksiyon online.



Tumawag sa mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-977-7307 (TTY/TDD 711). Narito ang Health Net mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Walang bayad ang pagtawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com.